Ang Sakit na Periodontal

Ang sakit na periodontal ay isang pangunahing dahilan ng pagkatanggal ng ngipin sa mga adulto.

Ang maaga at mahinay na sakit na periodontal ay maaring magpakita ng ilang, kung mayron man, mga sintomas. Gayunman, maaaring mapabilang sa mga babala ng **malalang sakit na periodontal** ang mapula, namamaga, o nagdurugong mga gilagid; patuloy na mabahong hininga; umuuga o paghihiwalay ng mga permanenteng mga ngipin ; o mga pagbabago ng ayos ng mga ngipin sa inyong pagkagat.

Maraming mga baitang at uri ang sakit na periodontal, kasama na ang:

GINGIVITIS



PERIODONTITIS

Kung ito ay hindi nagamot, sinisira ng impeksyon sa gilagid ang buto at ang mga umaalalay na mga tisyu.

MASULONG NA PERIODONTITIS

Sa baitang na ito, ang mga gilagid ay umuurong lalo at humihiwalay sa ngipin.

PAGPAPASURI PARA SA SAKIT NA PERIODONTAL

Sa bawa't pangkaraniwang pagpapasuri, sisiyasatin ka ng inyong dentista para sa sakit na periodontal. Ang **pagsusuri para sa periodontal** ay ginagamit upang malaman kung mayroong pagkasira sa pagkakabit ng tisyu ng gilagid o kung may **mga butas** na nabuo sa pagitan ng inyong mga gilagid at mga ngipin.

Inihahandog ng

Crest Oral-B

Propesyonal na Kalusugan ng Ngipin ng P&G

PAGGAMOT AT PAG-IWAS SA SAKIT NA PERIODONTAL

Ang paggamot ay magdedepende sa uri ng sakit na periodontal at kung gaano kalala umabot ang kundisyon. Kasama sa mga opsyon sa paggamot ay ang mga sumusunod:



Pagtutungkab o Scaliing *- Nililinis ang mga ngipin upang matanggal ang mga latak sa ibabaw ay sa ilalim ng hangganan ng gilagid.*



Pagkikinis ng Ugat o Root Planing *– pinakikinis ang magagaspang na panlabas ng ugat upang gumaling ang gilagid*



Irigasyon ng Bibig o Oral Irrigatio*n - pinapatuloy ang likido sa ilalim ng hangganan ng gilagid upang matanggal paalis at patayin ang mga mikrobiyo at mapayagang tumubo muli ang mga malusog na tisyu*

Kung may natuklasan na malalalim na butas at ang buto ay nasira, maaaring irekomenda ng inyong dentista ang isang **pag-oopera para sa periodontal**.

Upang makatulong na makaiwas laban sa sakit na periodontal, mahalagang iwasan ang pagdami ng plaque. Tandaan na palagiang magpalinis ng ngipin mula sa isang propesyonal at saka magsipilyo at mag-floss araw-araw.